

# Ang mga kauna-unahang pagtatalaga ng pondo na may pakikibahagi ng mamamayan ng lungsod

Sa unang pagkakataon, ang Gusaling Panlungsod ng Barcelona ay nagsusulong ng mga pagtatalaga ng pondo na may pakikibahagi ng mamamayan (presupuestos participativos) para sa buong lungsod. May itinalagang 75 milyong euro mula sa pondo ng munisipyo para pagpapasyahan ng mga mamamayan kung paano gagastusin.

Ang mga pagtatalaga ng pondo na may pakikibahagi ng mamamayan ng lungsod ay bahagi ng isang mas malawak na proseso ng pagtukoy ng mga prioridad, layunin at pamamahala sa susunod na apat na taon. Ang plano ng munisipyo para sa buong lungsod (PAM) at ang sampung partikular na plano para sa mga distrito (PAD) ay mga dokumentong binubuo nang may pakikibahagi ng mga mamamayan.



Mga paradista ng Mercado de Sant Antoni

## Ikaw, ano ang gusto mo para sa inyong komunidad?

Nagtitipon tayo ngayon para sa isang espesyal na okasyon, isang pagsasakatuparan ng direktang demokrasya na kauna-unahang isasagawa sa ating lungsod. Pagpapasyahan ng mga mamamayan ng Barcelona kung saan itatalaga ang isang bahagi ng pondo ng munisipyo.

Bahala ang mamamayang magpapasya. Ang mga inisyatibong makakatugon sa mga teknikal na kinakailangan at makakakuha ng mas maraming boto mula sa mamamayan ang siyang ipapatupad. Papagandahin ang mga plaza, magpapagawa ng mga bagong espasyo para sa komunidad, o ipapaayos ang ating mga kalye.

Maupo, magmungkahi, magpasya.

Colonia Castells, aminansa lungsod



# Paano makikibahagi?

## Pagpresenta ng mga proyekto:

Puwedeng magpresenta ng mga proyektong may pangmatagalang benepisyo, katulad ng:

- Konstruksyon ng mga pasilidad na may maliliit na espasyo, gaya ng mga espasyong pang-sports o mga inilaang dako sa pangangalaga sa kalikasan (puntos verdes).
- Pagpapaayos ng mga kasalukuyang pasilidad, gaya ng paglalagay ng mga locker room sa isang gusali ng sports, o pagbubukas ng computer school sa pampublikong gusali ng komunidad.
- Pagpapaganda ng pampublikong espasyo, gaya ng pagpapanatili ng kaligtasan sa kalye, pagpapaayos ng mga plaza, pagpapaganda ng mga parke o lugar para sa pangangalaga ng kalikasan (zonas verdes), pagpapalawak ng mga lugar na pasyalan ng mga aso, o pagpapaayos ng mga ilaw.

- Mga imprastruktura at pampublikong pasilidad, gaya ng mga upuan, escalator o elevator sa mga pampublikong espasyo, o palaruan para sa mga bata.

## Pagpili mula sa mga pinresentang proyekto:

Magkakaroon ang bawat distrito ng isang partikular na pondo para isagawa ang mga inirekomendang inisyatibo at nasa mga mamamayan ang huling pagpapasya. Ang mga mahigit 14 taong gulang na nakarehistro sa Barcelona ay puwedeng sumuporta at bumoto sa mga iminungkahing proyekto ng dalawang distrito, ang sa kanilang distrito at sa isa pang pipiliin nila.





Castellers de Sants

## Mga lugar para sa pakikibahagi

### · *Decidim.Barcelona*

Sa pamamagitan ng plataporma sa pakikibahagi na *decidim.barcelona*, puwedeng magpresenta ng mga proyektong paglalaanan ng pondo at subaybayan ang pagsulong ng mga pinresentang proyekto.

### · *Mga pagtitipon*

May mga isinasagawang debate at sesyon ng talakayan sa lahat ng distrito. Mayroon ding palipat-lipat na lugar para sa pakikibahagi na nasa mga kalye, plaza, o pasilidad pangkomunidad.



Escola Tibidabo

## Kalendaryo

Puwedeng makibahagi ang mga mamamayan mula Pebrero hanggang Hunyo ng 2020 para pagpasyahan kung anong mga proyekto ang popondohan.

- Mga debate at pagpresenta ng mga proyekto: sa *Pebrero 3 hanggang Marso 27*.
- Pagpili: mag-iipon ng mga susuporta sa bawat proyekto para makapasa ito papunta sa bahagi ng pag-finalize at pagboto sa *Abril 20 hanggang 30*.
- Panghuling pagboto: *Mayo 26 hanggang Hunyo 7*.

Makukuha ang lahat ng updated na impormasyon sa plataporma sa *decidim.barcelona*

## Gumagalang,

**DECIDIM.  
BARCELONA**

